# Kung Paano Makakaiwas sa Scam




## Apat na Palatandaan na Isa Itong Scam

Tagalog

### 1 NAGPAPANGGAP ang mga scammer na mula sa isang organisasyong kilala mo.




Madalas na nagpapanggap ang mga scammer na nakikipag-ugnayan sila sa iyo sa ngalan ng gobyerno. Maaari silang gumamit ng totoong pangalan, gaya ng Social Security Administration, IRS, o Medicare, o gumawa ng pangalan na mukhang opisyal. Ang ilan ay nagpapanggap na galing sa isang negosyo na kilala mo, gaya ng kompanya ng utility, isang kompanya ng teknolohiya, o maging organisasyon sa pagkakawanggawa na humihingi ng mga donasyon.

Gumagamit sila ng teknolohiya para palitan ang numero ng telepono na lumilitaw sa iyong caller ID. Kaya maaaring hindi totoo ang pangalan at numerong nakikita mo.

### 2 Sinasabi ng mga scammer na may PROBLEMA o may PREMYO.



Maaari nilang sabihin na may problema ka sa gobyerno. O may utang ka. O nagka-emergency ang isang kapamilya mo. O may virus sa iyong computer.

Sinasabi ng ilang scammer na may problema sa isa sa iyong mga account at kailangan mong i-verify ang ilang impormasyon.

Magsisinungaling ang iba at sasabihing nanalo ka ng pera sa isang loterya o sweepstakes pero kailangang magbayad para makuha ito.

### 3 PINUPUWERSA ka ng mga scammer na kumilos kaagad.



Gusto ng mga scammer na kumilos ka na bago ka pa magkaroon ng oras na makapag-isip. Kung nasa teleponoka, puwede nilang sabihin sa iyo na huwag ibaba ang telepono upang hindi mo masuri kung totoo ang kanilang kuwento.

Puwede silang magbanta na aarestuhin ka, idedemanda ka, babawiin ang iyong lisensya sa pagmamaneho o sa negosyo, o ide-deport ka. Puwede nilang sabihin na masisira ang iyong computer.

### 4 Sasabihin sa iyo ng mga scammer na MAGBAYAD sa isang partikular na paraan.



Madalas nilang ipinipilit na magbayad ka gamit ang cryptocurrency, sa pamamagitan ng pagpapadala ng pera gamit ang isang kompanya na gaya ng MoneyGram o Western Union, o sa pamamagitan ng paglalagay ng pera sa isang gift card at pagkatapos, ibibigay sa kanila ang numero sa likod.

Padadalhan ka ng ilan ng tseke (na pagkaraan ay matutuklasang peke), pagkatapos ay sasabihin sa iyo na ideposito ito at ipadala sa kanila ang pera.

# Kung Paano Makakaiwas sa Scam

## I-block ang mga hindi inaasahang tawag at text message.

Isagawa ang mga hakbang para i-block ang mga hindi inaasahang tawag at i-filter ang mga hindi inaasahang text message.

## Huwag ibigay ang iyong personal o pinansyal na impormasyon bilang tugon sa isang kahilingan na hindi mo inaasahan.

Hindi tumatawag, nagpapadala ng email, o text ang mga matapat na organisasyon upang hingin ang iyong personal na impormasyon, gaya ng iyong Social Security number, account number sa bangko, o credit card number.

Kung nakatanggap ka ng email o text message mula sa isang kompanya kung saan ka nakikipagtransaksyon at sa palagay mo ay totoo ito, makabubuti pa ring huwag mag-click sa anumang link. Sa halip, makipag-ugnayan sa kanila gamit ang isang website na alam mong mapagkakatiwalaan. O hanapin ang kanilang numero ng telepono. Huwag tawagan ang numerong kanilang ibinigay o ang numero mula sa iyong caller ID.

## Labanan ang panggigipit na kumilos kaagad.

Bibigyan ka ng oras na magpasya ng mga matapat na negosyo. Isang scammer ang sinumang nanggigipit o sa iyo na magbayad o ibigay sa kanila ang iyong personal na impormasyon.

## Alamin kung paano ka pinagbabayad ng mga scammer.

Huwag na huwag magbayad sa sinumang pumipilit sa iyo na magbayad gamit ang cryptocurrency, serbisyo ng pagpapadala ng pera gaya ng Western Union o MoneyGram, o gift card. At huwag na huwag magdeposito ng tseke at ipadala ang pera sa isang tao.

## Tumigil at makipag-usap sa isang taong pinagkakatiwalaan mo.

Bago ka gumawa ng kahit ano pa man, sabihin sa isang tao — isang kaibigan, kapamilya, kapitbahay — kung ano ang nangyari. Puwedeng makatulong sa iyo ang pakikipag-usap tungkol dito para mapagtanto na isa itong scam.

**FEDERAL TRADE COMMISSION**

Hulyo 2023

### Iulat ang mga Scam sa FTC

Kung ikaw ay na-scam o palagay mo na-scam ka, tumawag sa 877-382-4357, at pindutin ang 3 para sa iba pang mga wika, at pagkatapos ay 2 para sa Tagalog — o magpunta sa **ReportFraud.ftc.gov**